**CFIDP**
Coconut Farmers & Industry Development Plan

# Ano ang RA 11524

**Coconut Farmers & Industry Trust Fund (CFITF) Act**






Ang **RA 11524** o "**Coconut Farmers and Industry Trust Fund (CFITF)** Act" ay isang batas na nilagdaan ni President Rodrigo Roa Duterte noong Pebrero 26, 2021.

Ang CFITF ay ilulunsad sa loob ng 50 taon at gagamitin para sa kapakinabangan ng industriya ng niyog.

Ang programang ito ay naglalayon na: (1) pataasin ang produktibidad at kita ng mga magsasakang nasa industriya ng niyog; (2) Pagpapababa ng kahirapan, pagpapataas ng kalidad ng edukasyon at pagkakapantay-pantay sa lipunan; at (3) Rehabilitasyon at modernisasyon ng industriya ng niyog tungo sa pagtaas ng produktibidad ng lahat ng sakahan gamit ang pondo ng Coco Levy.

Ang mga makikinabang sa batas na ito ay mga "coconut farmers" o magniniyog na may lupa na hindi hihigit sa limang ektarya alinsunod sa depenisyon ng **RA 11524**.

## CFIDP System framework for program coordination, implementation, monitoring and evaluation

### CFIDP PROGRAM COMPONENTS

| | Component | Program | Share |
|---|---|---|---|
| 1 | SOCIAL PROTECTION | Health and Medical Program (PCA) | 10% |
| | | Crop Insurance (PCIC) | 4% |
| | | Scholarships (CHED) | 8% |
| | | Trainings/Farm Schools (ATI and TESDA) | 8% |
| 2 | FARMERS ORGANIZATION & DEVELOPMENT | Farmers Cooperatives/ Associations Development (CDA) | 5% |
| 3 | HYBRIDIZATION | Hybridization (PCA) | 15% |
| | | Hybridization Research (PCAARRD-DOST) | 5% |
| 4 | COMMUNITRY-BASED FARM ENTERPRISE DEVELOPMENT (Farm Rehabilitation & Improvement) | Coconut-based Farming Systems/Diversification (HVCDP, NDA, BAI) | 10% |
| 5 | INTEGRATED COCONUT PROCESSING & DOWNSTREAM PRODUCTS | Shared Processing Facilities (PHilMech) | 10% |
| 6 | SUPPORT SERVICES | Credit Programs (DBP/LBP) | 10% |
| | | Marketing Assistance, Research & Market Promotion | 5% |
| | | Infrastructure (DPWH) | 10% |
| 7 | INNOVATIVE RESEARCHES & ITS PRACTICAL APPLICATION ON PRODUCTION & DISTRIBUTION | Policies and Regulations | |
| | | Research Coordination, Collaboration, Integration and Utilization thru GAA funding of PCA, SUCs and DOST | |
| 8 | PROGRAM MANAGEMENT, COORDINATION AND M&E | Creation of Office | |

### OUTPUTS

- NCFRS-registered coconut farmers with access to medical, insurance, scholarship and training
- Organized, registered and Capacitated farmer's cooperatives
- Hybrids produced, distributed and planted
- Seed farms and nurseries established
- Number of hybridization research completed and adopted
- Number of coconut based farming systems adopted
- Established integrated processing facilities through convergence of support of various agencies
- Credit support/loans extended for enterprise development
- Market support services provided/extended
- Number of FMRs and building constructed
- Policies and regulations developed /Amended and implemented/reinstituted
- Established science-based interventions to strengthen the foundation of technology development

### OUTCOMES

- Access of farmers to credit, crop insurance, health, education, and social services increased
- Coconut productivity within ecological limit improved
- Rehabilitation and modernization of coconut industry intensified
- Support to coconut processing and value-adding activities strengthened
- Market access of coconut farmer organizations and MSMEs expanded

### IMPACTS

Empowered Coconut Farmers and Farmers Organizations & Cooperatives

- Sustainable Increase in Farmers' Income
- More Equitable Access and Distribution of Basic Social Services
- Global Competitiveness

**AMBISYON NATIN 2040**

*Matatag, Maginhawa at Panatag na Buhay*

**Continuous Monitoring and Feedback Mechanism**

# Mga Pangkaraniwang Tanong ng mga Magniniyog Patungkol sa RA 11524

**Sino-sino ang tinutukoy na "Coconut Farmer" o magniniyog ayon sa batas?**

Ang "Coconut Farmer" o magniniyog ay ang mga sumusunod:

1. Nagmamay-ari ng lupain/niyugan na hindi hihigit sa limang (5) ektarya na:
   a. Siya ay nag-lilinang ng kanyang lupa o tinuturing na "owner-cultivator"; o
   b. Hindi siya ang naglilinang ng lupa, nguni't siya ang may kontrol o namamahala nito;
2. Nangungupahan ng hindi hihigit sa limang (5) ektaryang niyugan o nangungupahan upang mag-linang o mangasiwa sa pag-lilinang ng niyugan; o
3. Manggagawa sa niyugan, maaaring pamanahon na mga manggagawa (seasonal worker) o itinerant, na nag-sasaka ng niyog at nag-proproseso ng kopra bilang kanilang pangunahing pangkabuhayan.

**Anu-ano ang mga benepisyong maaaring matanggap ng coconut farmers sa ilalim ng RA 11524?**

Ilan sa mga benepisyong matatanggap mula sa RA 11524 ay ang mga programang pangkalusugan at medikal, pangkabuhayan, pang-edukasyon, "crop insurance", programa sa pagpapahiram ng kapital, pag-organisa o pagpapabuti sa mga organisasyon ng mga magniniyog, at pagsasanay sa mga magniniyog at mga manggagawa sa niyugan upang mas mapalawak ang kanilang mga kaalaman at kasanayan sa larangan ng pagniniyugan.

**Saan ba kami lalapit kung gusto namin maging benepisaryo ng mga proyektong ito?**

Bilang panimula at paghahanda sa mga ilulunsad na mga proyekto, ang PCA ay gumawa ng sistema ng pagpapalista para sa mga magiging benepisaryo. Ito ay tinatawag ding National Coconut Farmers Registry System o NCFRS. Maaring lumapit sa mga PCA Regional and Provincial Offices upang magparehistro.

**Ano ang NCFRS?**

Ang NCFRS o ang National Coconut Farmers Registry System ay ang opisyal na talaan ng PCA upang mabigyan ng pagkakakilanlan ang mga magniniyog. Ito ang magiging batayan ng mga ahensya upang malaman ang mga pangalan at bilang ng mga benepisaryo sa pagpapatupad ng kani-kanilang programa at proyekto.

**Paano mag-palista sa NCFRS?**

May iba't ibang paraan po sa pagrehistro sa NCFRS. Ito ay sa pamamagitan ng:

1. Pagsumite ng registration form at kalakip na dokumento/requirements sa mga Regional at Provincial Offices ng PCA; o
2. Pagrehistro online sa opisyal na website ng PCA (www.pca.gov.ph), magpatuloy sa page ng "RA 11524" at sagutan ang mga patlang at mag-upload ng mga karampatang dokumento.

**Ano ang Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP)?**

Isa sa nakasaad sa RA 11524 ay ang tungkulin ng PCA na magpanukala at bumuo ng Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP) na aaprubahan ng Pangulo ng Pilipinas. Ang CFIDP ang magiging batayan at gabay sa mga programa na gagamit ng "Trust Fund" para mapaunlad ng industriya ng niyog sa loob ng limampung taon (50 years).

**Ano ang mga programa ng CFIDP?**

Ilan sa mga programang nakapaloob sa CFIDP ay ang mga sumusunod:

- Pagkakaloob ng Social Protection na direktang magbebenipisyo sa mga coconut farmers, farm workers at kanilang mga pamilya, na isinasaalang-alang ang umiiral na programa ng gobyerno sa kasalukuyan. Kasama dito ang mga programang patungkol sa kalusugan at medikal, crop insurance, pagbibigay ng mga mga pagsasanay (training) at mga iskolarship
- Pag-oorganisa at pagpapabuti sa mga organisasyon ng mga magniniyog
- Hybridization o ang pagpaparami at pamamahagi ng mga hybrid na binhi ng niyog
- Community-based enterprises kasama ang intercropping, at pag-aalaga ng manok, livestock at dairy animals sa mga niyugan
- Integrated processing ng mga product at downstream products na naglalayong pataasin ang kita ng mga magniniyog
- Innovative research projects at practical application nito sa coconut processing, production at distribution patungo sa pag-unlad ng local na industriya ng niyog
- Iba pang serbisyo katulad ng pagpapahiram ng kapital (credit), pagsasaliksik, marketing at pag-susulong ng mga produkto sa merkado, imprastraktura at mga polisiya at regulasyon

**Paano masisiguro ng PCA na maipapamahagi o maisasagawa ang mga program/proyekto para sa kapakanan ng bawat magniniyog sa bansa?**

Mayroon apat (4) na paraan upang masiguro na maayos ang implementasyon ng mga proyekto tulad ng:

1. Qualification criteria per project component;
2. Inter-agency coordination mechanism upang masubaybayan ang wastong pagbabahagi ng benepisyo at pagpapatupad ng mga programa/proyekto;
3. National Coconut Farmers Registry System (NCFRS) na magiging opisyal na batayan ng impormasyon ng mga miyembro; at
4. Monitoring ng mga programa kada quarter at taunang ebalwasyon.